Nagsabi si Allāh: Gumugol ka, O anak ni Adan, gugugol Ako sa iyo."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Nagsabi si Allāh: Gumugol ka, O anak ni Adan, gugugol Ako sa iyo."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) ay nagsabi: "Gumugol ka, O anak ni Adan – ng mga guguling kinakailangan at isinakaibig-ibig – magpapaluwag Ako sa iyo, magbibigay Ako sa iyo ng panumbas para roon, at magpapala Ako sa iyo roon."

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5805